Magasin ng mga mainit pang impormasyon sa Fukushima

# Heartful Fukushima

Hiwalay na pahayagan

Fukushima Disaster Volunteer Center Newsletter

**Vol.9** Hunyo 20, 2011 nilathala

### Ukol sa Impormasyong Magasin na ito

Ang impormasyong magasin na ito ay para maipaalam sa lahat ang puwedeng makatulong agad na impormasyon,mga aktibidades ng mga boluntaryong sumusuporta sa mga biktima ng kalamidad at nasalantang lugar. Ipinamimigay ito sa Disaster Volunteer Center sa loob ng Prepektura. (Isang beses sa isang lingo inilalabas)

Pakibigay lamang po nang mga komento o opinyon sa mga sumusunod.

Tagalathala:Fukushima Prefecture Council of Social Welfare
Fukushima Disaster Volunteer Center
111 Watari Aza Nanashamiya, Fukushima City 960-8141
Fukushima General Social Welfare Center, 1F
**Tel: 024-522-6540** Fax: 024-523-4477
**http://www.pref-f-svc.org**

## Ulat ng Boluntaryo 1 Tohoku Region Fukushima Block Council ng Junior Chamber International Japan

## Ang aming layunin ay ang ipaabot sa bawat lugar ng buong bansa ang isang masigla na Fukushima, at paramihin ang mga nakaka-unawa ng kalagayan ng Fukushima.





▲Pagtinda ng mga espesyal na produkto ng perepaktura ng Fukushima [Proyekto para mapasigla ang Fukushima]
Kasalukuyang ginagawa sa bawat bayan, tulad ng Tachikawa, Hachioji at Omiya.
(Sa Yokohama Open Port Bazar)



▲Nais rin naming ipaabot ang isang masigla na Fukushima sa aming mga kasamang naging biktima ng sakuna na hindi makagawa ng mga aktibidades.Ang mga miyembro ng Tokyo Block Council at Chofu Junior Chamber (Sa harapan na hanay, pang-apat mula sa kanan ay ang pinunong si Sakada ng Chofu)

Ang [Tohoku Region Fukushima Block Council ng Junior Chamber International Japan] na bahagi ng Fukushima Disaster Volunteer Liason Council, ay isang pambuong-bansang samahan. Ayon sa pinuno ng samahan na si Ginoong Sakata, Atsushi [Pagkatapos mismo ng sakuna, ang lahat ng mga ambag na mga bagay na dumating mula sa mga Junior Chamber sa buong bansa ay dinala sa Fukushima Disaster Volunteer Center at sa mga welfare na instsitusyon sa loob ng perepaktura.] Upang matulungan ang nahihirapan na Fukushima dahil sa mga masamang balitang kumakalat, pinaki-usapan kami na [gumawa ng exhibit para sa mga produkto ng perepaktura], at kasalukuyan, upang ipabatid sa lahat ang kasiglaan ng perepaktura ng Fukushima, may ginagawang exhibit ng mga produkto tuwing katapusan ng linggo sa paligid ng lugar ng Kanto. Sa ilang beses na aking pagpunta sa exhibit, ang aking napuna ay, [Ang alam ng lahat dahil sa TV at pahayagan na Fukushima ay naiiba sa aming ipinakikitang Fukushima. Kapag nasasabihan ako na『Salamat naman at sila ay mabuti』, lalo kong natanto ang aming tungkulin na ipaabot sa lahat ang masigla na Fukushima.] Sa exhibit, pinapahalagahan ko ang makipag-usap sa mga dumadalo. Sa pagpadami ng mga nakakaunawa sa kalagayan ng Fukushima, magkakaroon ng mga bagong pakikipag-ugnayan. [Mula ngayon, mag-uumpisa na ang tunay na pagtulong sa mga biktima ng sakuna upang makatayo ng sarili. Kailangan pa rin ang kakayahan ng mga bokuntaryo. Ang ipahiwatig sa lahat ang tunay na kalagayan ng Fukushima ay aming papel. Ang ipaalam sa buong Japan ang masigla na Fukushima ay katumbas na rin ng pagpaalam nito sa buong mundo. Suwerte naman at ang exhibit tuwing katapusan ng linggo ay hanggang katapusan ng Setyembre pa daw. Kapag nakakita kayo ng banderang may nakasulat na [Proyekto ng pagpasigla ng Fukushima], puntahan naman ninyo.



▲[Mabuti naman at ayos ang kalagayan ninyo]
[Opo. Mabuti naman ang kalagayan ko. Paki tulungan pa rin po ninyo ang Fukushima mula ngayon.]

## Ulat ng Boluntaryo 2

## Sakura no Seibo Junior College ~Makipag-ugnayan~ Proyektong Kulay Sakura na Ngiti

Sa Sakura no Seibo Junior College, nag-isip sila kung ano ang kanilang magagawa at itinayo ang bolutaryong proyekto ng mga mag-aaral na [~Makipag-ugnayan~ Proyektong Kulay Sakura na Ngiti] at tuluyang gumagawa ng iba't-ibang mga aktibidades, upang makatulong sa lipunan pagkatapos ng lindol. Isa sa mga ito ay ang [Ganbappe Exercise] kung tawagin sa mga lugar na kanilang pinupuntahan, na madaling pagsasanay na nagpapagaang ng katawan. Ayon sa nam Isa sa mga ito ay ang [Ganbappe Exercise] kung tawagin sa mga lugar na kanilang pinupuntahan, na madaling pagsasanay na nagpapagaang ng katawan. amahala sa proyekto na si Bb. Okada, Maki (isang guro sa nasabing junior college), [Ang aking naramdaman habang tuluyan kong inaalalayan ang mga ginagawa ng mga mag-aaral, ay ang kanilang pagkaroon ng koneksyon sa mga sumisilong sa mga shelter, at ang kahalagahan at kasiyahan ng pagpapagalaw ng katawan. Kahit na maikling panahon lamang, habang magkasama ang mga mag-aaral at ang mga taong sumusilong sa mga shelter, ang kanilang mga mukha ay nagkakaroon ng mga ngiti. Ako ay tuwang-tuwa sa nakikita kong ito.]. Kami ay tumatanggap ng mga kahilingan para sa {Ganbappe Exercise} kahit kailan man. Ang sinumang nais humiling, tumawag lamang sa nasabing junior college.

Telepono: 024-534-7137

▶Ang [Ganbappe Exercise] ay 4 na madaling magawang mga pustura tulad ng [pusturang ain], na pinapaulit-ulit, kaya madaling matandaan ng kahit na sino man.





▲Sa shelter sa loob ng Fukushima University ay natapos itayo noong Abril 30 (Abril 9, 2011)

## Pinapakilala ang mga lokal na grupo na nagbibigay ng suporta

### Fukushima Transportation and Travel, Inc.



▲Ayon ka Ginoong Hayasaka, [Ang aking trabaho ay napakarami, tulad ng pagtanggap ng mga application ng nais umupa ng bus, ang mag-order ng mga bento (baong tanghalian), at ang maging kasamang tagapamahala sa araw ng biyahe.

Ang Fukushima Transportation and Travel, Inc. ay nagpapatakbo ng bus para sa mga boluntaryong gumagawa ng mga aktibidades sa bayan ng Shinchi-machi, at nagbibigay ng suporta sa mga taong dumarating mula sa buong bansa upang tumulong sa pagpa-ayos ng Fukushima. Ang loob ng bus ay puno ng mababait na kalooban ng mga boluntaryo. Minsan, may isang templo malapit sa pupuntahang lugar kaya ang lahat ng mga sumali ay pumunta upang ipag-dasal ang hinaharap. Nang nakita ito ng mga tao ng bayan, pinasalamatan sila na sinabing [Araw-araw nakikita naming kayo at nagkakaroon kami ng lakas upang lumaban at makatayo muli.], at ang mga boluntaryo ay lubusang natuwa na sila ay sumapi at pumunta. Ayon kay Ginoong Hayasaka, Atsushi (ng Fukushima Transportation and Travel, Inc.), [Palagay ko ang lahat na naroroon noon ay pare-pareho ang naramdaman. Ang Fukushima Transportation Group, bilang isang lokal na kompanya ng perepaktura ng Fukushima, ay tuluyang magbibigay ng suporta sa pagpapa-ayos muli ng bayan. Aking hinihiling sa lahat ng tao sa buong bansa, na kahit pansamantala lamang ipahiram ang kanilang kakayahan.] Magsama tayong ipaabot ang lakas at sigla sa Fukushima.



### Meitetsu World Travel, Inc.




▲Ginoong Uematsu, Masaki Subsection Chief, Person in charge of Social Consultation & Welfare, Tohoku Sales Head Office kasamang tagapamahala sa araw ng biyahe.

Ang Meitetsu World Travel, Inc. ay may sangay din sa gusali ng Japan National Council of Social Welfare (Tokyo), at may mga transaksyon sa Japan National Council of Social Welfare. Mula ng naganap ang Eastern Japan Great Earthquake, nagsusumikap ang kompanya na makatulong sa mga biktima sa mga paraan tulad ng paghikayat sa mga tauhan na magbigay ng abuloy, at pagpadala ng bus para paliguan sa mga napinsalang lugar. Sa Fukushima Disaster Volunteer Center, sila ang namamahala sa pagpapalakad ng mga volunteer bus, at sa pag-ayos ng pagpunta at sa tutuluyan ng mga boluntaryo mula sa buong Japan. [Kami rin ang namamahala sa pagbigay ng suporta sa kasama sa volunteer bus na tagapamahala. Bilang isang mamamayan ng perepaktura ng Fukushima, nais kong ipaabot ang aking pasasalamat sa inyong kabaitan!], mula kay Ginoong Uematsu, Masaki na tuwing katapusan ng linggo ay boluntaryong tagasagot ng telepono. Ang kanyang mabait na boses ay nakakapa-hinahon ng kalooban.



### Disaster Volunteer Center ng mga bayan MAPA

Noong ika-13 ng Hunyo, 32 lugar na ang na-itatag.




## ★Fukushima Disaster Volunteer Center ……Tel: 024-522-6540

| | | |
|---|---|---|
| Hilagang parte ng perepaktura | 1 | Fukushima City Disaster Volunteer Center |
| | 2 | Nihonmatsu City Disaster Volunteer Center |
| | 3 | Tate City Disaster Volunteer Center |
| | 4 | Motomiya City Disaster Volunteer Center |
| | 5 | Kori Town Disaster Volunteer Center |
| | 6 | Kunimi Town Disaster Volunteer Center |
| | 7 | Otama Village Disaster Volunteer Center |
| Gitnang parte ng perepaktura | 8 | Koriyama City Disaster Volunteer Center |
| Gitnang parte ng perepaktura | 9 | Odagaisama Center (Volunteer Center para sa Pangkabuhayang-Suporta sa Big Palette) |
| | 10 | Sukagawa City Disaster Volunteer Center |
| | 11 | Tamura City Disaster Volunteer Center |
| | 12 | Kagami-ishi Town Disaster Volunteer Center |
| | 13 | Tamakawa Village Disaster Volunteer Center |
| | 14 | Hirata Village Disaster Volunteer Center |
| | 15 | Ono Town Disaster Volunteer Center |
| Timog na parte ng perepaktura | 16 | Shirakawa City Disaster Volunteer Center |
| Timog na parte ng perepaktura | 17 | Nishigo Village Disaster Volunteer Center |
| | 18 | Yabuki Town Disaster Volunteer Center |
| Aizu | 19 | Aizu-Wakamatsu City Disaster Volunteer Center |
| | 20 | Kitakata City Disaster Volunteer Center |
| | 21 | Kita-Aizu Town Disaster Volunteer Center |
| | 22 | Bandai Town Disaster Volunteer Center |
| | 23 | Inawashiro Town Disaster Volunteer Center |
| | 24 | Aizu-Bange Town Disaster Volunteer Center |
| Aizu | 25 | Showa Village Disaster Volunteer Center |
| | 26 | Aizu-Misato Town Disaster Volunteer Center |
| Timog-Aizu | 27 | Shimogo Town Disaster Volunteer Center |
| Sousou | 28 | Shinchi Town Disaster Volunteer Center |
| | 29 | Soma City Disaster Volunteer Center |
| | 30 | Minami-Soma City Disaster Volunteer Center(Kashima Ward) |
| | 31 | Minami-Soma Disaster Volunteer Center (Hara-machi Ward) |
| Iwaki | 32 | Disaster Volunteer Center ng Lunsod ng Iwaki |